katotohanan na dapat ay palaging may mga bihasa upang gumabay sa mga mananampalataya tungkol sa kanilang responsibilidad sa May-lalang, katulad ng winika ng pinakahuling Imam ng Ahlul Bayt: " Kung gayon, kagaya ng Fuqaha na pinoprotektahan ang kanilang kaluluwa, pinangangalagaan ang kanilang relihiyon, na kinakalimutan ang kanilang mga nais at anumang damdamin tungo sa kanilang mga ninanais at sumusunod sa mga utos ng kanilang Pinuno, sa makatuwid ipinahihintulot sa mga pangkaraniwang tao na sundin sila sa mga usaping pang-relihiyon (isagawa ang *Taqleed*) at ang ganitong (ispiritual) kalagayan ay natagpuan lamang sa ilang Shi'a eskolar- hindi silang lahat." (Wasail ash-Shia, Vol. 27, Page 131, Hadith 33401)

Napakaraming halimbawa noong nabubuhay pa ang Propeta Muhammad (s) at ang kanyang hindi nasasaklawan ng pagkakamaling mga kahalili kung saan kanilang inatasan ang kanilang mga kasamahan na gabayan ang mga tagasunod na nasa malayong lugar at turuan ang mga ito ng mga pamamaraan kung paano humugot ng mga alituntunin ng Islam mula sa mga "bagong usapin" na maaaring makasalamuha.

Mga kinakailangang kalagayan para mapabilang sa Mujtahid

Mauunawaan na mula sa mga kasulatang pang-relihiyon na upang maging bihasa sa legal na sistema ng Islam *(Fiqh)* at iba pang agham ng Islam ay hindi sapat ang sarili lamang na kwalipikasyon upang maging *Mujtahid* na kung saan lahat ay maaaring sumunod. Bilang karagdagan sa mataas na antas ng araling pang-Islam na kung saan ang isa ay dapat na naging bihasa, sinasaad sa batas ng Islam na ang Mujtahid ay dapat na nagtataglay ng katangian tulad ng: ipinanganak ng legal, na kung saan ay nasa wastong gulang, nasa malinaw na pag-iisip, sya ay isang Ithna –Asheri Shi'a at sya ay isang *adil* – katangian na kung saan pwedeng masabing "makatwiran" ngunit kasama nito ang moral at legal na katangian, tulad ng kabanalan at di lumalahok sa mga ipinagbabawal ng Shari'ah at tumutupad sa kanyang mga katungkulan.

Paano makikilala kung sino ang Mujtahid na pwede nating sundin

Paanong ang pangkaraniwang mananampalataya ay madidiskubre kung sino ang Mujtahid na kanyang susundin? Mayroong tatlong kinikilalang paraan: 1) Pangsariling kaalaman kung ang indibidwal ba ay relihiyosong eskolar; 2) Testimonya ng dalawang *adil*, taong may kaalamang tukuyin kung sino ang Mujtahid; 3) Ang titulo ng pagiging sikat na di mag-iiwan ng pagdududa na ang isang tao ay Mujtahid.

Bilang karagdagan, karamihan sa mga eskolar ng pangkasalukuyang panahon ay nananatiling nagsasabing mas kanais-nais na sundin ang Mujtahid na al-A'alaam. Sa pangkalahatan ang ibig sabihin nito ay "ang pinaka maraming kaalaman", ngunit dito sa nasabing pahayag ang ibig sabihin ay ang legal na eksperto na may higit na kadalubhasahan sa paghugot ng alituntunin ng Shari'ah galing sa pinagmulan. Ang pinaka maraming kaalaman ay maaaring makilala sa alinman sa tatlong paraan na pwedeng gamitin ng Mujtahid, ganon pa man minsan ay mahirap para sa eskolar na Shi'a na kilalanin kung alin sa mga legal na eksperto ang may pinakamaraming kaalaman. Bilang resulta, higit pa sa isang Mujtahid ang maaaring sundin sa *Taqleed* sa isang pagkakataon (bagaman hindi syempre sa iisang tao) katulad ng sitwasyon sa kasalukuyan na mayroong higit sa 15 na mga eskolar kung saan ang mga mananampalataya ay maaaring pumili kung sinu ang susundin, ngunit gaano man kadami ay hindi nagdudulot ng anumang praktikal na hindi pagkakasundo sa legal na bagay sa loob ng komunidad ng Shia.

Ang kahalagahan ng Ijtihad at Taqlid

"Kung pagkatapos ng pagkawala ng iyong Qa'im at wala ng matirang tao mula sa mga eskolar na kung saan: nag-aanyaya tungo sa kanya (sa Imam); gumagabay sa iba tungo sa kanya; pinagtatanggol ang kanyang relihiyon ayon sa mga pruweba ng Allah(s); sinasagip ang mga inaaping tagapaglingkod ng Allah (s) mula sa bitag ni Iblis (Satanas) at ng kanyang mga tinipon, at sa patibong ng kanyang (ng Ahlul Bayt) mga kaaway, sa makatuwid ay wala ng sinumang tao (sa mundo) ang mananatili bukod doon sa mga iiwan ang relihiyon ng Allah(s). Gayun man, ang mga eskolar na ito ay tinatalaga ang kanilang sarili na maging tagapangalaga ng mga puso ng mga inaaping tagasunod katulad ng isang kapitan ng barko na may hawak sa buhay at kaligtasan ng mga sakay ng kanyang barko. Sa ganitong paraan, sila (mga eskolar – ang Ulama) ang pinaka mahusay na tao sa paningin ng Allah(s), ang pinaka-marangal at pinaka-dakila."

Biharul Anwar, vol. 2, pg. 6, sec. 8, trad. 12

Para sa karagdagang kaalaman hinggil sa katotohanan ng Islam na ipinaliwanag ng Ahl al-Bayt dumalaw sa:

www.al-islam.org/faq/

Noong nabubuhay pa ang Propeta Muhammad(s) sya lamang ang nag-iisang may kapangyarihan sa lahat ng banal at pulitikal na usapin at ang mga usaping patungkol sa relihiyon o sa mga bagay na kasangkot ang komunidad ay ipinababahala sa kanya o sa isa sa kanyang mga pinagkalooban ng kapangyarihan (sa utos ng Allah) sa mga mananampalataya. Sa kanyang pagkamatay, ang mga pagkakasunod-sunod ng kanyang kahalili – ang 12 Imams – ay nag-simula. Ang una sa mga malinaw na itinalaga bilang pinuno ay si Ali ibn Abi Talib (s) at ang pinakahuling tagahalili ay ang pang -12 Imam, al-Hujjat ibnil Hasan al-Askari (Ipahintulot nawa ng Allah(s) ang kanyang madaliang pagdating).

Ang pamumuno ng ika-12 Imam ay medyo kakaiba kumpara sa mga naunang 11 Imams sang- ayon sa karunungan ng Allah(s), sya ay kinailangang dumaan sa dalawang magkahiwalay at kakaibang uri ng di maipaliwanag na pagkawala. Ang kanyang unang pansamamantalang pagkawala ay tumagal ng 60 taon na ng mga panahon na iyon ay apat na kinatawan ang itinalaga. Sila ay responsable sa pagpapaabot ng mga katanungan sa pang araw-araw na usapin mula sa mga tapat na mananalampalataya ng Imam, kumulekta ng iba't-ibang pang-Islamikong pondo (Kuhms, Zakat atbp.) at sa pamamahagi nito sa mga nakikita ng Imam na nararapat pagbigyan at sa iba pang mga tungkulin.

Pagkamatay ng ika-4 na kinatawan noong taon ng 328 AH, ang pintuan ng mga tiyak na kinatawan ay nagsara. Ganun pa man, ang pag-gabay ay di natapos at ayon sa mga utos na ibinigay ng ika-12 Imam, sila ay dapat sumunod sa mga eskolar (Fuqaha) na: "bantayan ang kanilang kaluluwa, protektahan ang kanilang relihiyon, at sundin ang mga ipinag-uutos ng kanilang panginoong Allah(s)…" Sa ganitong paraan, ang "pangkalahatang kinatawan" ay inilagak sa balikat ng mga pinanggagalingan ng pakikipagpunyagi (Mara'ja Taqleed).

Anu ang Taqleed?

Ang *taqleed* ay mula sa salitang ugat ng Arabic na 'qal-la-da/yuqal-li-du/taqleed' na ang ibig sabihin ay "gayahin" or "sundan". Hindi ibig sabihin na "bulag na pagsunod" kagaya ng pinakakahulugan ng iba – manapa, sa mga gawa ng Islamikong legal na sistema, ang ibig sabihin ang isang walang kakayahang humango ng mga batas ng Islam mula sa kanilang pinagkukukuhanan, sya ay sasangguni at ipapatupad ang paghatol ng eskolar na may kakayahan na mag-pasya, maglathala.

Hindi tayo obligado na gawin ang Taqleed, manapa ayon sa mga eskolar, ang **unang opsyon** ay ang maging Mujtahid – isang tao na umabot ang kakayahan sa antas ng Ijtihaad – ang kakayahan na malayang hugutin ang batas ng Islam mula sa kanilang mga pinagkukuhanan, at ito ay obligasyon ng isang mananampalataya, gayunman kung ang isang tao ay tumupad sa ganitong gawain, samakatuwid lahat ay magiging malaya sa responsibilidad.

Yamang ang pag-abot sa ganitong kakayahan ay hindi impossible sa lahat – and dahil sa katotohanan na kung ang lahat ay magbibigay ng sapat na panahon sa 'Islamikong aralin' malamang na mawala ang kakulangan ng pagkakaroon ng Scientist, Doctor, Engineers, Pintor, Taga-Disenyo, atbp… ang **ikalawang opsyon** na binigay sa atin ay ang magsagawa ng pag-iingat (Ihtiyaat) sa batas ng Islam. Kung ang isa ay nagdesisyong sundan ang ganitong pamamaraan, sa isang pagtikular na usapin, dapat ay muli nyang tingnan ang mga alituntunin ng Islam na kung saan ang lahat ng mga pangkasalukuyang Mara'ja ay naglathala at piliin ang "pinakamaingat" na kalagayan.

Yamang ang pangalawang paraan ay mahirap sundin, **ang pinaka-praktikal na opsyon ay ang** sumangguni sa mga bihasa na umabot na sa kakayahan na gumabay sa atin tungkol sa ating mga responsibilidad – ginagawa natin ang kanyang *Taqlee*d at sumusunod tayo sa kanyang konklusyon. Kung ganun, sa pamamagitan ng pagsangguni sa mga bihasa, ang mga mananampalataya ay malaya sa kanilang responsibilidad (ng paghugot ng alituntunin ng Islam) basta't sinusunod nila ang patakaran ng nasabing kinikilalang eskolar.

Dapat nating tandaan na ang *Taqleed* ay tumutukoy lamang sa nasasakop ng Shari'ah; hindi maaaring magkaroon ng *Taqleed* sa usapin ng paniniwala (Usulu'd-din). Ang isang muslim ay dapat panghawakan ang kanyang paniniwala sa katangian ng kanyang relihiyon matapos na magkamit ng sariling paniniwala ng katotohanan sa pamamagitan ng pagsusuri at pagmumuni-muni. Sa katotohanan ang Qur'an ay malinaw na tumutuligsa doon sa mga parang bulag na sumusunod sa iba sa usapin ng paniniwala.

Ganunpaman, upang ang akto ng pagpupuri ng isang tao ay maisagawa ng tama at katanggap-tanggap, ito ay dapat isagawa sa ilalim ng isa sa tatlong opsyon na naibigay sa itaas – ang kakulangan na maabot ang antas ng *Mujtahid*, hindi pagsasagawa ng *Ihityaat*, at ang hindi paggawa ng *Taqlid* ng isang kinikilalang *Marja* ay maaaring maging dahilan upang ang isang akto (tulad ng pagdarasal at pag-aayuno) ay masabing **walang kabuluhan at walang saysay**

Makatuwirang katunayan tungkol sa Taqleed

Katulad ng anumang aspeto sa ating buhay, sumasangguni tayo sa mga bihasa upang lutasin ang ating mga problema, sa dahilang hindi tayo maaaring maging makapangyarihan sa lahat ng aspeto at kagaya ng mga bagay na nangangailangan ng karunungan tungkol sa mga mákina at sa inhinyerya, medisina, karunungan sa pagsuri ng mata, pagkukumpuni ng mga sasakyan, atbp...palagi nating isinasangguni ang ating mga suliranin sa mga nag-aral at nagpakadalubhasa sa isang partikular na aspeto ng ating buhay . Ang pang-relihiyon na interpretasyon at patakaran ay hindi na-iiba at sa ganitong paraan, dinidikta ng pangangatwiran na kung wala tayo sa antas ng pag-unawa ng Shari'ah, tayo ay nararapat ng magtanung doon sa mga yaong nakaabot na sa ganoong estado.

Nasusulat na katunayan tungkol sa Taqleed

Ang Quran ay bumanggit sa "sundin ang iba" (sa usapin ng panuntunan ng relihiyon) sa maraming mga pagkakataon. Sa kabanata 9 ng Qur'an, talata 122 mababasa natin: "Hindi tama na ang lahat ng mananampalataya ng Islam ay pumunta (sa lugar ng digmaan upang lumaban) – manapa, bakit hindi ang grupo mula sa kanila ay maglayag at magpakadalubhasa tungkol sa araling pang-relihiyon at pagkatapos ng pag-aaral ay bumalik sa kanilang komunidad at magpaalala sa lahat (upang malaman ng lahat ang kaakibat ng kanilang pananampalataya)".

Ang nasabing talata ay nagpapakita na ang grupo ng tao ay nararapat na magsaliksik upang makamit ang malalim na pag-unawa sa relihiyon at kapag kanya na itong natuklasan mula sa kanyang pagsasaliksik at sa pagbabalik ng iba mula sa lugar ng digmaan, ay ituro at ipangaral sa mga mananampalataya ang kanilang pang-relihiyong responsibilidad.

Ang kwento ng Propeta Muhammad (s) at ng kanyang 12 kahalili ay nagbibigay-diin sa